www.kidsworship.kr

2nd Story

# Tumayo ang lalaking lumpo at nagsimulang maglakad!



**Narration** Isang araw nagpunta sina Pedro at Juan sa Templo; alas tres ng hapon noon, ang oras ng pananalangin. Sa pintuan ng Templo na tinatawag na Pintuang Maganda ay may isang lalaking lumpo mula pa nang ito'y isilang.

**Lame man** Palimos po...pahingi po kahit konting barya lang.



**Narration** Nang makita nito sina Pedro at Juan na papas k sa Templo, siya'y humingi ng limos. 'Tinitigan siya ng dalawa, at sinabi ni Pedro sa kanya, "Tingnan mo kami!".

**Lame man** Hay~ Salamat~ sa wakas may magbibigay na rin sa akin ng pera kahit magkano lang.

**Peter** Wala akong pera na maibibigay sayo.



**Lame man** Ano? Wala kang pera?

**Peter** Wala akong pera, ngunit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad."

**Lame man** Anong ginagawa mo... Uy??? Ano? Nakakatayo na ba ako? Oo! Nakakatayo na nga ako!! Sinabi mo sa pangalan ni Hesu Kristo na tumayo ako at lumakad! Nakatayo nga ako at kaya ko nang lumakad!!?? Pinagaling ako ng Diyos!



**Narration** Ang lalaking dating lumpo ay pumasok sa templo kasama sina Pedro at Juan. Naglalakad, lumulundag at nagpupuri sa Diyos.

**Man 1** Hindi ba, yun 'yong taong lumpo na namamalimos sa may pintuan ng Templo?

**Man 2** Hindi siguro... Paano makakatakbo nang ganyan ang taong 'yon? Eh nakaupo lang 'yon doon araw-araw.



**Man 3** Oo siya nga yun, yung lumpo sa pintuan ng Templo. Paano nangyari yun? Hindi ako makapaniwala!

**Lame man** Tama ka! Ako nga yung lumpo na namamalimos sa pintuan ng Templo! Itinayo ako ng dalawang lalaking ito at ngayon nakakalakad at nakakatakbo na 'ko ng ganito.



**Man 1** Wow, talaga? Kahanga-hanga ang mga taong iyon. Paano nila nagawa ang kahanga-hangang bagay na ito?

**Narration** Tinitigan ng mga tao sila Pedro. Pagkatapos ay sinabi ni Pedro sa kanila:



**Peter** Bakit ninyo kami tinititigan? Akala ba ninyo'y napalakad namin ang taong ito dahil sa aming kapangyarihan at kabanalan? Gumaling ang lalaking ito sa pangalan ni Jesus. Si Jesus ay itinakwil at ibinigay ninyo sa mga sundalong Romano. Nagdusa Siya at namatay sa krus para sa atin. Ngunit binuhay siyang muli ng Dios sa ikatlong araw. Ang pananalig kay Jesus ang lubusang nagpagaling sa taong ito!

**Narration** Nakinig ang mga tao sa mga salita ni Pedro at pinuri ang Diyos sa pagbibigay sa atin ng kaligtasan. At ang bilang ng mga taong naniniwala sa Panginoong Jesus ay dumarami araw-araw.